



MAHALAGANG IMPORMASYON PARA SA SUMASAGOT

1. Ikaw ay napaghainan ng **Kautusang Proteksyong Pang-Emerhensiya** o **“Emergency Protection Order (EPO).**
2. Ang linya #7 ng EPO ay magsasabi sa iyo kung **saan at kailan** ka dapat nasa korte para sa pagdinig at pagsusuri ng iyong EPO.
3. Upang humiling ng abogado na tutulong sa iyo para sa pagdinig at pagsusuri (petsang makikita sa linya #7 ng EPO) ng **walang bayad** mula sa iyo, Makipag-ugnayan sa Legal Aid Alberta saan man sa probinsya sa numerong 1-866-845-3425. Mahalagang tumawag kaagad at **ipahiwatig na ikaw ay sumasagot ng EPO.**
4. Kapag pinili mong magpakita na mag-isa na walang libreng serbisyo ng abogado, maaari kang;
 - a. Kumuha ng kopya ng salin or sipi (evidensya na ibinigay nang ipinagkaloob ang EPO)
 - i. **Edmonton at kalapit na lugar:** Tawagan ang klerk ng Queen’s Bench sa 780-643-1137.
 - ii. **Calgary at kalapit na lugar:** Tawagan ang 403-297-5653
 - iii. **Iba pang lokasyon:** Magtungo sa websayt ng “Alberta Court” sa www.albertacourts.ab.ca. Piliin ang ‘Court of Queens Bench’,

piliin ang 'locations and sittings' para sa lokasyon o lugar ng pagdinig sa Court of Queen's Bench o tumawag sa 310-0000.

- b. Maghanda ng apidabit na nagpapaliwanag ng iyong panig ng istorya.
- c. Ipasa ang apidabit sa gusali ng korte kung saan nakatakda ang pagdinig.
- d. Magkaroon ng ikatatlong partido na **walang pinapanigan** o "Process Server" na maghain ng kopya ng iyong apidabit sa nagsasampa o naghahabol na hindi bababa sa 24 oras bago ang araw ng pagdinig.
- e. Magpakita sa korte sa araw ng pagsusuring pagdinig.

5. **Kinakailangan** kang dumalo sa korte. Ang pagwalang bahala sa araw ng pagsusuring pagdinig at simpleng pag-asa sa pagtapos ng araw ng EPO ay hindi sapat. Ang hukom ay magbibigay ng desisyon kahit na wala ka sa pagdinig.

*Kasama sa libreng serbisyong ito ay ang impormasyon tungkol sa kautusang proteksyong pang-emerhensiya at mga proseso, legal na payo tungkol sa EPO, paghahanda ng apidabit at pagkatawan sa inisyal na pagharap sa korte (linya #7 ng EPO). **HINDE KASAMA** dito ang pagpayo para sa pagdinig at iba pang legal na usapin.

Important Information for the Respondent
TAGALOG VERSION

